

HEP HEP THE MEDIATOR
PART II-B
NATIONAL PRIVACY COMMISSION
STORY AND CONCEPT BY
LEGAL DIVISION
ILLUSTRATED BY
PUBLIC INFORMATION AND ASSISTANCE DIVISION


KASALUKUYANG NAKIKINIG ANG MGA PARTIDO SA PATULOY NA PAGPAPALIWANAG NI HEP-HEP UKOL SA MGA IMPORTANTE AT MAHAHALAGANG BAGAY UKOL SA MEDIATION.
*ABSENT*
KUNG SAKALI NA MAY ISA PO SA INYO ANG HINDI MAKADALO SA MEDIATION NANG DALAWANG MAGKASUNOD NA PAGKAKATAON, NG WALANG PAUNANG ABISO AT MAKATWIRANG DAHILAN...
ANG MEDIATION AY AGARAN NATING I-HIHINTO AT I-BABALIK NAMIN ANG KASO NINYO SA COMPLAINTS AND INVESTIGATION DIVISION
PARA SA PAGPAPATULOY NG IMBESTIGASYON. MAKAKABUTI NA IPALAAM SA AMIN NG MAS MAAGA KUNG INAASAHAN PO NINYO NA KAYO AY HINDI MAKAKADALO SA ATING CONFERENCE.
CID OFFICER




SA INYO PONG PAGDALO SA **MEDIATION**, AMIN PONG INAASAHAN NA KAYO AY NASA TAMANG DISPOSISYON AT TIYAK NA DARATING SA TAKDANG ORAS.




KAYO PO AY HINIHIKAYAT NAMIN NA MAG-USAP NG MATIWASAY, MAAYOS, MAHINAHON, NA GAMIT ANG INYONG KOMPORTABLENG WIKA.


SA LAHAT NG PAGKAKATON AY DAPAT RESPETUHIN NATIN ANG ISA'T ISA AT GAGAMIT NG MGA SALITANG MAY SENSIBILIDAD SA KASARIAN.

MAHIGPIT PO NATING IPINAGBABAWAL ANG PAG-GAMIT NG MGA NAKAKAPANAKIT NA SALITA AT KILOS.

KAYO PO AY PWEDENG MAG-MUNGKAHI NG ANUMANG IDEYA, KASUNDUAN, PLANO O KONDISYON HANGGA'T ANG MGA ITO AY LEGAL, PATAS, MAKATWIRAN AT MAKATUTULONG SA MAGKABILANG PARTIDO UPANG MAAYOS ANG INYONG HIDWAAN. ANG POSIBILIDAD NG KASUNDUAN AY NAKASALALAY SA INYONG KATAPATAN, KAGUSTUHAN, AT PAGIGING MAKATWIRAN SA INYONG MGA PANUKALA.

## OUTCOME № 1

KUNG KAYO PO AY **MAG-KAKASUNDO**, TAYO PO AY MAGSAGAWA NG ISANG DOKUMENTO NA TINATAWAG NATING **MEDIATED SETTLEMENT AGREEMENT (MSA).**





NILALAMAN NITO ANG LAHAT NG MGA KONDISYON NA INYONG NAPAG-KASUNDUAN. KAPAG NAPIRMAHAN, ANG MSA ANG MAGBUBUKLOD SA INYO AT INYONG MGA OBLIGASYON, AT ITO AY I-EENDORSO SA NPC EN BANC PARA SA KOMPIRMASYON. ANG KUMPIRMADONG MSA AY MAY BISA GAYA NG ISANG DESISYON NG KORTE AT IPATUTUPAD ALINSUNOD SA MGA ALITUNTUNIN NG KOMISYON.

KAYO AT TANGING MGA AWTORISADONG KINATAWAN LAMANG PO NINYO ANG MAY KAKAYAHAN PARA PIRMAHAN ANG MSA. BAGO I-ENDORSO SA NPC EN BANC AY KINAKAILANGANG NINYONG DUMALO SA ISANG KUMPERENSYA NA KUNG SAAN IPAPAKITA NINYO SA AKIN ANG INYONG MSA KASAMA ANG MGA EBIDENSIYA NG PAGSUNOD SA MGA ALITUNTUNIN NA NAKAPALOOB DITO.

## OUTCOME № 2

KUNG SAKALI NAMAN PO NA **HINDI KAYO MAG-KASUNDO**, TATAPUSIN PO NATIN ANG MEDIATION AT ISANG DOKUMENTO NA TINATAWAG NATING **NOTICE OF NON-SETTLEMENT (NNS)** ANG IPAGKAKALOOB SA INYO.






ANG INYONG KASO AY IPAPASA AT IBABALIK NAMIN SA **COMPLAINTS AND INVESTIGATION DIVISION (CID)** PARA SA PAGPAPATULOY NG PAGLILITIS. MAAARI PA DIN KAYONG BUMALIK SA **MEDIATION** SA ANUMANG ORAS HANGGANG HINDI PA NAIAAKYAT ANG INYONG KASO PARA MADESISYUNAN NG COMMISSION.


PANGHULI, PINAPAHALAGAHAN PO NAMIN ANG INYONG COMMENTS O SUGGESTIONS. MAAARI PO NINYONG IPADALA ANG INYONG MGA TANONG AT MUNGKAHI SA NPC SA LAYUNIN NA PATULOY NATIN NA MAPABUTI ANG PROSESO NG **MEDIATION** AT IBA PANG MGA SERBISYONG PUBLIKO.
MAAARI KAMING KONTAKIN SA:
INFO@PRIVACY.GOV.PH | +632 5322 1322 LOC. 112
IPAGPAPATULOY...
MEDIATION ROOM